# MGA INAASAHANG KATANGIAN NG ISANG GURO

*by:*
**Jacqueline R. Dela Rosa**
*Teacher III, Justice Emilio Angeles Gancayco Memorial High School*

Patuloy na dumarami ang mga nagtapos ng sekondarya na nagnanais na kumuha ng kursong pagtuturo sa ating bansa, at ito ay sa iba't- ibang kadahilanan. May kumukuha ng kursong pagtuturo dahil naging inspirasyon niya ang kanyang mga naging guro. Mayroon namang dahil sa mas mababa ang matrikula nito kumpara sa ibang kurso. Mayroon din namang yaong mga nahikayat ng mga kaibigan, at iba pa.

Kung sakali namang makatapos ng pag- aaral sa kursong ito, kahaharapin naman ng mga nagsipagtapos ang masalimuot na proseso ng aplikasyon upang makapagturo, lalong higit sa mga pampublikong paaralan, kung hindi man ay sa ibang larangan na kung saan ay magagamit din nila ang mga kasanayan mula sa kursong pinagtapusan. Sa aplikasyon ay dapat magpakitang gilas ang guro sa pagsagot sa mga katanungan sa panayam. Kailangan din niyang maipasa ang English Proficiency Test, kung saan sinusubok ang katatasan niya sa pag-unawa at paggamit ng wikang Ingles. Isa sa pinakakritikal na hakbang ay ang pakitang- turo kung saan sinusubok ang husay sa aktwal na pagtuturo ng mga aplikante.

Sa dami ng prosesong dapat pagdaanan ng isang guro magbuhat sa pag- aaral at pagtatapos ng kursong edukasyon, pagpasa sa Licensure Examination for Teachers, hanggang sa masalimuot na aplikasyon sa trabaho, ay hindi dito natatapos ang mga dapat na gawin at asahan sa kanya.

Halos karamihan sa mga punong guro ay hinahanap ang mga sumusunod na katangian sa isang baguhang guro – alab (passion); malakas na pakiramdam (sensitivity);

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

may puso sa pagtuturo; at may kasanayan sa pakikipag- ugnayan at may kakayahang makapagpatawa o makapagpasaya.

Ilan pa sa mga katangiang hinahanap ng isang punong guro ay ang malawak na kaalaman ukol sa mga paksang kanyang ituturo na sadyang natural lamang sapagkat ito ang pangunahing sandata ng guro sa kanyang pagtuturo (Bigham, et. al., 2014). Kinakailangang ang guro ay may kakayahang magbahagi ng kaalaman sa kanyang mga mag- aaral. Kinakailangan ring siya ay may kakayahang tuklasin at gamitin ang mga interes ng kanyang mga mag- aaral upang maipatuto ang mga aralin alinsunod sa itinakdang kurikulum. Bukod dito, kinakailangan ding ang guro ay may kakayahang pangasiwaan ang kanyang klase (Bigham, et. al., 2014). Ito ay upang mapanatili niya ang kaayusan sa loob ng silid- aralan at madisiplina ang mga bata.

Ang isang magaling na guro ay may puso sa pagtuturo. Hindi lamang matalino ang guro, kahit may kagyat na katalinuhan kapag may puso sa pagtuturo ay may pagkakataong magtagumpay kumpara sa isang guro na sobra ang talino sa pang- akademikong karunungan lamang.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Gayundin, marapat ding ang guro ay may malalim na pang- unawa at kakayahang tuusin ang kanyang sarili ng naaayon sa natutunan ng bata mula sa kanyang pagtuturo at hindi batay lamang sa ugnayang nabuo niya sa mga ito (Cheng, 2004).

Mahalaga na ang guro ay may kakayahan ding umunawa at ipadama sa mag- aaral na siya ay kabilang at di naiiba sa kanyang mag- aaral (Kuyini, 2007). Sa gayong paraan mas madaling matututo at matutuklasan ng mag- aaral ang kanyang mga talent upang linangin ang mga ito.

Ayon sa Seven Habits of Highly Effective People ni Magbuhat (2005), “Ang alinmang gawain ay kasangkot ang 80% ng pakikipag- ugnayan, lalong- lalo na ang guro sa kanyang mga estudyante. Isang tunay na talento ang kakayahang makapagdulot ng kaligayahan habang natututo ang mga mag- aaral. Ito ay isa ring patunay ng magandang

ugnayan sa pagitan ng guro at mag- aaral. Ang magaling na guro ay hindi mag-aalinlangan na magsingit ng patawa sa mga aralin upang mapabilis ang proseso ng pagkatuto.

Ang lahat ng ito ay magkakaroon ng katuparan sa matiyagang paggabay ng punong guro at sa patuloy na pagpapaunlad ng guro ng kanyang mga kasanayan sa pagtuturo.

*References:*

Bigham, Sarah G. "Principals' and Cooperating Teachers' Expectations of Teacher Candidates." Project Innovation Austin (2014): pgs. 211- 229.

Cheng, May May- Hung. "Comparing perceptions: the competence of novice teachers and the expectations of school principals." Asia Pasific Education Review (2004): pgs. 188–199.

DiPaola, Michael, et. al. "The Principalship at a Crossroads: A Study of the Conditions and Concerns of Principals." Sage journals (2016).

Kuyini, Ahmed BAwa. "Principals' and teachers' attitudes and knowledge of inclusive education as predictors of effective teaching practices in Ghana." Nasen Journal (2007).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan